# Mga Karapatan ng mga Magulang: Isang Gabay sa Early Start para sa mga Pamilya (binago nitong 2026)

Kasama sa dokumentong ito ang mga pagsipi sa mga batas at regulasyon, ngunit maaaring hindi nakalista dito ang bawat pagsipi na naaangkop sa iyong sitwasyon.

- Ang CFR ay nangangahulugang Code of Federal Regulations (Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon.
- Ang GC ay nangangahulugang Government Code (Kodigo ng Gobyerno) para sa batas ng estado na namamahala ng Early Start.
- Ang CCR ay nangangahulugang California Code of Regulations (Kodigo ng mga Regulasyon ng California).

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan bilang magulang sa Early Start, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong regional center o lokal na ahensya ng edukasyon (LEA).

## PAHINTULOT NA MAY KAALAMAN

Dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot bago makakuha ang iyong anak ng anumang pagsusuri o serbisyo mula sa Early Start. Dapat ay may pahintulot mo ang programa na magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo o sa iyong anak. Ito ay tinatawag na Pahintulot na may Kaalaman. [34 CFR 303.7, 34 CFR 303.420]

- May karapatan kang makuha ang lahat ng impormasyon sa wikang ginagamit mo sa bahay. [34 CFR 303.7]
- Dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa:
  - Anumang pagsusuri o ebalwasyon.[34 CFR 303.420(a), 17 CCR 52162(a)]
  - Pagsisimula ng anumang serbisyo ng Early Start. [34 CFR 303.420(a), 17 CCR 52162(a)]
  - Pagbabahagi ng pribadong impormasyon ng iyong anak sa iba. [34 CFR 303.414, 17 CCR 52162(B), 17 CCR 52169]
  - Paggamit ng iyong medikal na insurance kung maaari itong magdulot ng mas malaking gastos o makabawas sa iyong mga benepisyo. [17 CCR 52162(d)]
- Maaari mong iurong ang iyong pahintulot nang nakasulat na ihinto ang mga serbisyo o pagsusuri sa anumang oras. [34 CFR 303.7(c), 34 CFR 303.420(b), 17 CCR 52162(c)]

## PAGKAKUMPIDENSYAL AT PAG-ACCESS SA MGA REKORD

Ang lahat ng impormasyong ibinibigay mo tungkol sa iyong anak at pamilya ay pribado at protektado. Tanging ang mga taong direktang tumutulong sa iyong anak ang makakakita ng impormasyong ito. [34 CFR 303.29, 17 CCR 52160(a)]

- May karapatan kang makita at makakuha ng mga kopya ng mga rekord ng iyong anak. [34 CFR 303.405]
- Makakakuha ka ng mga kopya o paliwanag sa iyong mga rekord sa loob ng limang araw ng trabaho pagkatapos mong humiling. [17 CCR 52164(b)]
- Maaari mong hilingin sa programa na ayusin o alisin ang maling impormasyon sa mga talaan ng iyong anak. [17 CCR 52168]
- Kung hindi maaayos ng programa ang isang rekord, maaari kang humingi ng pakikipagpulong sa direktor upang talakayin ito. [17 CCR 52168(c)]
- Dapat ipaliwanag sa iyo ng programa kung paano nila pinapanatiling ligtas at pribado ang mga rekord ng iyong pamilya. [34 CFR 303.404, 34 CFR 303.420, 17 CCR 52162, 17 CCR 52165, 17 CCR 52169]

## PAGSUSURI AT PAGTATASA

Ang pagsusuri (na tinatawag na ebalwasyon o pagtatasa) ay isinasagawa ng isang pangkat ng mga espesyalista upang makita

- Dapat kang maabisuhan ng lahat ng iyong karapatan. [34 CFR 303.421, GC 95020(c), 17 CCR 52161]
- Dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot bago magsimula ang anumang pagsubok. [34 CFR 303.420, 17 CCR 52162]

kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa Early Start. [GC 95014, 17 CCR 52022]

- May karapatan kang lumahok sa proseso ng pagsusuri at diskusyon tungkol sa pagiging karapat-dapat. [34 CFR 303.7, 34 CFR 303.321, 34 CFR 303.420, GC 95020, 17 CCR 52040(d), 17 CCR 52082, 17 CCR 52084]
- Ang pagsusuri ay dapat makumpleto sa loob ng 45 araw mula sa petsa ng referral sa Early Start. [34 CFR 303.310, 17 CCR 52086(a)]
- May karapatan ka sa nakasulat na kopya ng mga resulta. [34 CFR 303.310, 17 CCR 52086(a)]
- Ang pagsusuri ay dapat:
    1. Gawin sa wikang ginagamit sa bahay, kung maaari. [34 CFR 303.321(a)(6), 17 CCR 52084(d)(4)]
    2. Patas at hindi tinatrato nang iba ang sinuman dahil sa kanyang lahi o kultura. [34 CFR 303.321(a)(4), 17 CCR 52082(g)]
    3. Gawin ng mga kwalipikadong propesyonal. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52082, 17 CCR 52084]
    4. Desisyon ng pangkat. Ang pagiging karapat-dapat ay hindi nakabatay sa iisang pagsusuri lamang. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52082]
    5. Kumpleto. Susubukan ng pangkat ang lahat ng aspeto ng pag-unlad (pag-iisip, pagkilos, pagsasalita, pag-unawa, mga kasanayan sa pagtulong sa sarili, at mga kasanayan sa pakikisalamuha-emosyonal). [GC 95014, 17 CCR 52022]
- Ang pagsusuri ay dapat gawin sa isang lugar kung saan karaniwang gumugugol ng oras ang mga sanggol at paslit at siya ay kumportable, tulad ng tahanan, parke, daycare, atbp. [17 CCR 52082(j), 17 CCR 52084(e)]
- Maaari kang pumiling lumahok sa mga panayam tungkol sa mga mapagkukunan, pangangailangan, at alalahanin ng iyong pamilya. [34 CFR 303.321, 17 CCR 52084, 17 CCR 52106]

## INDIVIDUALIZED FAMILY SERVICE PLAN (PLANO NG ISINAPERSONAL NA SERBISYONG PAMPAMILYA, IFSP)

Kung kwalipikado ang iyong anak para sa Early Start, magbubuo ang pangkat ng isang Individualized Family Service Plan (Plano ng Isinapersonal na Serbisyong Pampamilya, IFSP). Ito ay isang nakasulat na plano na nagdedetalye ng mga alalahanin, layunin, at serbisyo para sa iyong anak at pamilya. [17 CCR 52100]

- Ang unang pagpupulong ng IFSP ay dapat maganap sa loob ng 45 araw mula sa referral ng iyong anak. [34 CFR 303.20, 34 CFR 303.342, GC 95020(b), 17 CCR 52102]
- Ang IFSP ay dapat repasuhin kada 6 na buwan at i-update nang kahit isang beses sa isang taon. [34 CFR 303.342, 17 CCR 52102]

Mga Pagpupulong ng IFSP para sa mga Magulang:

- May karapatan kang magdaos ng pagpupulong sa oras at lugar na angkop sa iyo, sa wikang ginagamit mo sa bahay. [34 CFR 303.342, 17 CCR 52102]
- Dapat kang makatanggap ng nakasulat na abiso *bago* ang pagpupulong. [34 CFR 303.342, 17 CCR 52102]
- Maaari kang mag-imbita ng sinumang gusto mo sa pagpupulong, kasama ang mga miyembro ng pamilya o isang tagapagtaguyod. [34 CFR 303.343, 17 CCR 52104]

Para sa mga dokumento ng IFSP, bilang magulang:

- Makakatanggap ka ng libreng kopya ng IFSP sa wikang ginagamit mo sa bahay. [34 CFR 303.25, 34 CFR 303.409, 17 CCR 52102]
- Dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa bawat serbisyo sa plano. Maaari kang sumagot ng "oo" sa ilang serbisyo at "hindi" sa iba. Ang pagtanggi sa isang serbisyo ay hindi pumipigil sa iyong anak na makakuha ng iba pang mga serbisyo. [34 CFR 303.342, 34 CFR 303.420, 17 CCR 52102]
- Dapat ibigay ang mga serbisyo sa "natural na kapaligiran" ng iyong anak (tulad ng tahanan o daycare). Kung hindi, dapat ipaliwanag ng programa ang dahilan sa pamamagitan ng sulat. [34 CFR 303.13, 34 CFR 303.344, 17 CCR 52106]
- Dapat magpadala sa iyo ang programa ng nakasulat na abiso *bago* magmungkahi o tumanggi na baguhin ang pagiging karapat-dapat, pagsusuri, o mga serbisyo sa iyong anak. Dapat ipaliwanag sa paunawang ito kung ano ang gusto nilang gawin, kung bakit nila ito gustong gawin, at kung paano ka maaaring hindi sumang-ayon. [34 CFR 303.421, 17 CCR 52161]

## MGA KUMPERENSYA NA MAY TAGAPAMAGITAN, MGA PAGDINIG NA MAY ANGKOP NA PROSESO, AT MGA REKLAMO SA ESTADO

Kung hindi ka sumasang-ayon tungkol sa pagiging karapat-dapat, pagsusuri, o mga serbisyo sa iyong anak, may karapatan ka sa pagpupulong na may tagapamagitan, pagdinig na may angkop na proseso, at mga reklamo sa estado. Dapat ipaalam sa iyo ng programang Early Start ang tungkol sa mga opsyong ito. [34 CFR 303.432, 17 CCR 52170]

| PAGPUPULONG NA MAY TAGAPAMAGITAN | |
|---|---|
| Ito ay isang boluntaryo, hindi pormal, at kumpidensyal na pagpupulong kasama ang neutral na tao (tagapamagitan) upang matulungan ka at ang programa ng Early Start na maabot ang kasunduan. Maaari kang humiling ng ppagpupulong na may tagapamagitan bilang unang opsyon para sa paglutas ng hindi pagkakasundo o anumang oras habang isinasagawa ang pagdinig sa angkop na proseso o proseso ng reklamo. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173] | ▪ Maaari kang humingi ng pagpupulong na may tagapamagitan sa oras at lugar na angkop sa iyo. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52172]<br>▪ Maaari kang tumanggi sa pagpupulong na may tagapamagitan kung ayaw mong sumali. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173]<br>▪ Ang mga diskusyon ay pribado at hindi maaaring gamitin sa pagdinig sa hinaharap. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173(j)]<br>▪ Maaari kang magsama ng ibang tao o tagapagtaguyod sa pagpupulong. [17 CCR 52173(h)]<br>▪ Kung magkakaroon kayo ng kasunduan, ito ay isusulat. [34 CFR 303.431, 17 CCR 52173(i)] |

| PAGDINIG SA ANGKOP NA PROSESO | |
|---|---|
| Ito ay isang pormal at legal na pagdinig upang malutas ang hindi pagkakasundo. [34 CFR 303.430, 17 CCR 52172] | ▪ Maaari kang humiling ng pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon tungkol sa pagiging karapat-dapat o mga serbisyo sa iyong anak. [17 CCR 52172(a)]<br>▪ Habang nagaganap ang pagdinig, patuloy na tatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa kanilang IFSP (maliban kung ikaw at ang programa ay sumang-ayon sa pagbabago o kung magtatransisyon ang iyong anak palabas ng programa sa edad na 3). [34 CFR 303.209, 17 CCR 52172(g)]<br>▪ Ang pinal na desisyon ay dapat gawin sa loob ng 30 araw mula sa iyong kahilingan. [34 CFR 303.437(b), 17 CCR 52172(e)] |

| REKLAMO SA ESTADO | |
|---|---|
| Maaari kang maghain ng pormal at nakasulat na reklamo sa California Department of Developmental Services (DDS) kung naniniwala kang nilabag ng programa ang batas ng estado o pederal, gayundin upang malutas ang mga problema tulad ng pagtanggi sa pagiging karapat-dapat o mga serbisyo. [17 CCR 52170] | ▪ Ang reklamo ay dapat isulat at lagdaan. Dapat ilarawan nang detalyado ang problema. [34 CFR 303.434, 17 CCR 52170]<br>▪ Dapat kasama sa iyong reklamo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan [17 CCR 52170(g)]; ang pangalan at address ng bata [34 CFR 303.434]; ang pangalan ng regional center, LEA, o tagapagbigay ng serbisyo [17 CCR 52170(g)]; at kung paano sa tingin mo dapat lutasin ang problema. [34 CFR 303.434].<br>▪ Dapat kang magpadala ng kopya sa ahensyang iyong inirereklamo. [34 CFR 303.434, 17 CCR 52170(g)]<br>▪ Dapat imbestigahan ng DDS at bigyan ka ng nakasulat na pinal na desisyon sa loob ng 60 araw. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(a)]<br>▪ Kung matagpuan ng DDS na mali ang ahensya, mag-uutos ito ng mga aksyon ng pagwawasto. Maaaring kabilang dito ang pag-uutos sa ahensya na magbigay ng mga serbisyo o bayaran ka para sa mga serbisyong binayaran mo. [17 CCR 52171]<br><br>Bilang mga magulang, habang isinasagawa ang proseso ng reklamo:<br>• Makakakuha ka ng tulong sa pagsulat ng iyong reklamo mula sa iyong service coordinator (tagapag-ugnay ng serbisyo) o isang advocacy group (grupong tagapagtaguyod) (tulad ng State Council on Developmental Disabilities or Disability Rights California (Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad sa California)). [17 CCR 52170]<br>• Ang impormasyon ng iyong anak ay mananatiling pribado. [17 CCR 52169]<br>• Maaari kang magsumite ng karagdagang impormasyon sa DDS habang isinasagawa ang imbestigasyon. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(a)]<br>• Dapat kang makatanggap ng nakasulat na pinal na desisyon sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ng DDS ang iyong reklamo. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(a)]<br>• May karapatan ka ring maghain ng reklamo kung hindi susundin ng isang ahensya ang pinal na desisyon mula sa |

isang pagdinig na may angkop na proseso. [34 CFR 303.433, 17 CCR 52171(e)]

Ipadala ang iyong kahilingan para sa pamamagitan o pagdinig sa tamang proseso sa:

Office of Administrative Hearings
Attention: Early Start Intervention Section
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95833-4231
Telepono: (916) 263-0654
Fax: (916) 376-6318

Ipadala ang iyong nilagdaang reklamo sa:

Department of Developmental Services
Attention: Community Appeals and Resolutions Branch
1215 O Street, MS 8-20
Sacramento, CA 95814
Telepono: (833) 538-3723
Fax: (916) 654-3641
Email: appeals@dds.ca.gov

Ang detalyadong impormasyon tungkol sa mga Karapatan ng mga Magulang at mga naaangkop na regulasyon ay matatagpuan dito:

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Early Start, mangyaring makipag-ugnayan sa Early Start Baby Line sa 800–515–BABY (800-515-2229) o earlystart@dds.ca.gov.